FAST's Title VI Notice to the Public – Tagalog

Ang Inyong Mga Karapatan sa Ilalim ng Title VI ng Batas ng Karapatang Sibil ng 1964.

"Walang tao sa Estados Unidos, sa batayan ng lahi, kulay, o bansang pinagmulan, ang hindi dapat isama sa, tanggihan ng mga benepisyo, o sumailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad ng pagtanggap ng tulong pinansyal ng Pamahalaan."

Ano ang Title VI?

Ang Title VI ng Batas ng Karapatang Sibil ng 1964 ay batas ng Pamahalaan na nagpoprotekta sa mga indibiduwal mula sa diskriminasyon batay sa kanilang lahi, kulay, o bansang pinagmulan sa mga programang tumatanggap ng tulong pinansyal ng Pamahalaan.

"Walang tao o grupo ng mga tao ang dapat diskriminahin hinggil sa pagruruta, pag-iiskedyul, o kalidad ng serbisyo ng transportasyon na ibibigay ng Fairfield and Suisun Transit batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan. Ang dalas ng paglilingkod, edad at kalidad ng mga sasakyan na itinalaga sa mga ruta, kalidad ng mga istasyon na naglilingkod sa iba't-ibang mga ruta, at lokasyon ng mga ruta ay hindi maaaring tukuyin batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan."

Paano ako magsasampa ng isang reklamo ng diskriminasyon?

Ang sinumang tao na naniniwalang siya ay sumailalim sa diskriminasyon bilang indibiduwal, o bilang isang miyembro ng anumang partikular na uri ng mga tao, batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan ay maaaring magsampa ng isang reklamo sa Tagapangasiwa ng Programa ng Title VI ng Fairfield and Suisun Transit (FAST) sa (707) 434-3800.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga programa sa mga karapatang sibil ng Fairfield at Suisun Transit at ang mga pamamaraan upang magsampa ng reklamo, mangyaring makipag-ugnay sa amin sa (707) 434-3800 o bisitahin ang www.fasttransit.org. Maaari ka ring makakuha ng mga pormularyo at tagubilin sa reklamo sa Fairfield Transportation Center na matatagpuan sa 2000 Cadenasso Drive, Fairfield, CA 94533.